

Mga Sentro ng Trabaho ng Departamento para sa Pagtatrabaho

Admiralty Job Centre

9/F, High Block, Queensway Government Offices, 66 Queensway, Hong Kong (Exit C1, Admiralty MTR Station)

2591 1318

Hong Kong West Job Centre

4/F, Western Magistracy Building, 2A Pokfulam Road, Sai Ying Pun, Hong Kong (Near Western Police Station)

2552 0131

North Point Job Centre

12/F, North Point Government Offices, 333 Java Road, North Point, Hong Kong (Exit C, Quarry Bay MTR Station)

2114 6868

Kowloon East Job Centre

1/F, Trade and Industry Tower, 3 Concorde Road, Kowloon (Exit B, Kai Tak MTR Station, opposite to Mikiki Shopping Mall)

2338 9787

Kowloon West Job Centre

9/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon (Exit C1, Shamshuipo MTR Station)

2150 6397

Kwun Tong Job Centre

10/F, Kowloon East Government Offices, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon (Exit D4, Kwun Tong MTR Station)

2342 0486

Shatin Job Centre

2/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories (Exit B, Shatin MTR Station)

2158 5553

Tai Po Job Centre

3/F, Tai Po Government Offices, 1 Ting Kok Road, Tai Po, New Territories (Exit B, Tai Wo MTR Station)

2654 1429

Sheung Shui Job Centre

Units 2001-2006, Level 20, Landmark North, 39 Lung Sum Avenue, Sheung Shui, New Territories (Exit A4, Sheung Shui MTR Station)

3692 4532

Tsuen Wan Job Centre

2/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories (Exit A, Tsuen Wan MTR Station)

2417 6197

Tuen Mun Job Centre

G/F, Victory Building, 3 Tsing Min Path, Tuen Mun, New Territories (Near Light Rail Prime View Station)

2463 9967

Tung Chung Job Centre

Unit 211A, 2/F, Yat Tung Shopping Centre, Yat Tung Estate, Tung Chung, Lantau Island, New Territories (Near Yat Tung Estate Bus Terminus)

3428 2943

Yuen Long Job Centre

Unit 401, 4/F, Tin Ching Amenity and Community Building, Tin Ching Estate, Tin Shui Wai, New Territories (Near Light Rail Tin Yuet Station)

3692 5750

Mga Sentro ng Trabaho ng Departamento para sa Pagtatrabaho

Recruitment Centre for the Catering Industry

2/F, Treasury Building, 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon (Exit A, MTR Nam Cheong Station)

Job Seeker Hotline: 3847 7600

Employer Hotline: 3847 7606

Recruitment Centre for the Retail Industry

2/F, Treasury Building, 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon (Exit A, MTR Nam Cheong Station)

Job Seeker Hotline: 3847 7611

Employer Hotline: 3847 7616

Construction Industry Recruitment Centre

Units 3507-3512, 35/F, Tower 1, Millennium City 1, 388 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon (Exit A, Ngau Tau Kok MTR Station)

Job Seeker Hotline: 3428 3303

Employer Hotline: 3428 3303



Website ng Serbisyong Interactive Employment

<https://www.jobs.gov.hk>

09/2022



Madadaling Gamiting

Serbisyo para sa Pag-eempleyo

Mula sa Departamento para sa Pagtatrabaho



勞工處

Labour Department

(Tagalog version)

Mga Sentro ng Trabaho ng Departamento para sa Pagtatrabaho

Ang mga Sentro ng Trabaho ng Departamento para sa Pagtatrabaho ay nagbibigay ng mga libre at madadaling gamiting serbisyo sa pag-eempleyo upang parehong matulungan ang mga naghahanap ng trabaho at ang mga nag-eempleyo. magtatrabaho. Ganap silang computerised upang humawak ng mas malawak na hanay ng mga bakanteng trabaho tulad ng manager, superbisor, klerk, accounting assistant, pahinante, sales assistant, kasambahay, manggagawa, atbp; at magrehistro ng mga naghahanap ng trabaho na may iba't ibang mga pinag-aralan at mga pinanggalingang trabaho.

Ang mga Sentro ng Trabaho ay nagbibigay din sa mga naghahanap ng trabaho ng mga kagamitan upang mapabilis ang paghahanap nila ng trabaho. Magagamit ng mga naghahanap ng trabaho ang mga computer na mayroong gumaganang Internet para sa paggamit ng iba't ibang mga nagagawa ng Serbisyong Interactive Employment. Magagamit nila ang mga computer na may software na tutulong sa paggawa nila ng kanilang résumé upang mabalangkas nila ang kanilang mga résumé, at maipadala ang kanilang mga sulat ng aplikasyon pati na ang mga résumé sa mga nag-eempleyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga fax machine na nasa mga Sentro ng Trabaho. Maaari rin silang makipagkita sa mga opisyal ng pag-eempleyo sa mga sentro ng trabaho upang mapayuhan sa pag-eempleyo, upang matalakay nila ang kanilang mga pangangailangan sa pagtatrabaho, upang makakuha ng impormasyon tungkol sa merkado ng trabaho at tungkol sa mga kursong may kaugnayan sa pagsasanay/muling pagsasanay, at/o upang sumailalim sa mga pagtatasang may kinalaman sa kanilang mga likas na kakayahang o kasanayan, ayon sa naaangkop.

Ang mga naghahanap ng trabaho, pati na iyong mga etnikong minoridad o mga bagong salta sa Hong Kong, ay malugod na tatatanggapin sa pagbisita nila sa panulukan ngdulugan sa mga Sentro ng Trabaho, upang makakuha ng komprehensibong impormasyon ukol sa pagka-empleyo. Bukod pa sa mga serbisyo sa pag-eempleyo na binanggit sa itaas, mayroon ding mga regular na maiikling pagpupulong ukol sa pagka-empleyo para sa mga pangangailangan ng mga etnikong minoridad o ng mga bagong salta.

Network upang Maipalam sa Publiko ang mga Bakanteng Trabaho

Ang mga bakanteng trabaho na inaalok ng mga nag-eempleyo ay malawakang naipapaalam sa publiko sa pamamagitan ng iba't ibang mga pamamaraan upang mapadali ang paghahanap ng trabaho at ang pag-aapply ng mga naghahanap ng trabaho.

- Mga “job card” o mga maliliit na kard na naka-display sa mga Sentro ng Trabaho;
- Mga “Job Easy touch-screen Vacancy Searching Terminal” o mga lugar kung saan makakapaghanap ng bakanteng trabaho na may mga touch-screen, na nasa mga Sentro ng Trabaho. Sa paggamit ng “Job Easy” o “Madali Lamang ang Trabaho”, makakakuha ng mga pinakabagong impormasyon pagkatapos ng ilang pagpindot lamang sa screen. Maaari ring mag-print sa mga terminal na ito.
- Website ng Serbisyong Interactive Employment (<https://www.jobs.gov.hk>);
- Malawakan o maramihang mga job fair at job fair na naka-base sa distrito
- Mga patalastas sa mga diyaryo.

Paraan ng Rehistrasyon para sa mga Naghahanap ng Trabaho

- Ang mga naghahanap ng trabaho ay makakapagparehistro ng online sa pamamagitan ng website ng Serbisyong Interactive Employment (<https://www.jobs.gov.hk>) o nang personal sa alinman sa mga Sentro ng Trabaho gamit ang serbisyong “Madali Lamang ang Rehistrasyon” o “Easy Registration”. Ang mga ngayon pa lamang unang nagparehistro ay kailangan lamang maggugol ng ilang minuto para punan ang isang Form ng Rehistrasyon at pagkatapos ay magagamit na nila ang Serbisyong Telepono para sa Pag-eempleyo o Telephone Employment Service, sa susunod na araw na may trabaho. Makakatipid sila ng oras sa pagpila sa ganitong pamamaraan sa mga Sentro ng Trabaho para sa mga makukuhang trabaho.

Mga Serbisyong Tulong sa Pagka-empleyo na May Konting Gagawin ang Sarili o Semi-self-help Employment Services

- Ang mga naghahanap ng trabaho ay makakabisita sa alinmang mga Sentro ng Trabaho at sila mismo ang pipili ng mga trabahong naaangkop sa kanila. Makakahingi sila ng serbisyong referral mula sa mga kawaning naroroon;
- Sa mga pagkakataong binanggit ng mga nag-eempleyo ang mga paraan kung paano sila makokontak, ang mga naghahanap ng trabaho ay maaaring mag-apply sa trabaho nang direkta;
- Ang ilan sa mga bakanteng trabaho ay malalaman mula sa mga pribadong ahensiyang nagpapa-empleyo alang-alang sa kanilang mga kliyenteng nag-eempleyo. Ang mga naghahanap ng trabaho na mag-aapply para sa mga bakanteng trabahong ito ay hindi aatasang magbayad ng anumang bayarin.

Serbisyong Interactive Employment

- Ang mga naghahanap ng trabaho ay makakapagparehistro on-line, makakakuha ng pinakabagong impormasyon ukol sa mga bakanteng trabaho at makakagawa ng mga simpleng pagtutugma ng trabaho sa pamamagitan ng website ng Serbisyong Interactive Employment (<https://www.jobs.gov.hk>);
- Ang mga profile o kumpletong pagkakakilanlan ng mga naghahanap ng trabaho, pati na ang kanilang mga pang-akademikong kuwalipikasyon, mga karanasan sa trabaho, mga kasanayan sa trabaho, mga nagugustuhang trabaho at mga inaasahang suweldo ay makikita sa website. Ang mga personal na datos tulad ng mga pangalan, numero sa ID card, tirahan at mga numero ng telepono ay itatago upang maprotektahan ang kanilang privacy;
- Magagamit ng mga nag-eempleyo ang mga dinisenyong paraan ng paghahanap o search engine upang matukoy ang mga nararapat na kandidato na siyang makukuha para sa mga bakanteng trabaho. Pagkatanggap ng mga listahan ng mga kandidato mula sa mga nag-eempleyo, ang mga Sentro ng Trabaho ay magsasagawa ng mga pagsasaayos upang maipadala sa mga naturang nag-eempleyo ang mga napiling naghahanap ng trabaho;
- Magagamit din ng mga naghahanap ng trabaho ang mga application sa cell phone ng Serbisyong Interactive Employment (mayroong bersiyong pang-iOS at pang-Android) upang makapaghanap ng mga nararapat na bakanteng trabaho kahit kailan at kahit nasaan man sila, gamit ang kanilang mga cell phone.

Sentro para sa Serbisyong Telepono para sa Pagka-empleyo o Telephone Employment Service Centre

- Ang mga rehistradong naghahanap ng trabaho na gustong mag-apply sa pribadong sektor ay maaaring magtukoy muna ng mga nararapat na bakanteng trabaho at pagkatapos ay tumawag sa Telephone Employment Service Hotline sa 2969 0888 para sa serbisyong referral;
- Ang mga opisyal na tagapaglagay sa mga trabaho o placement officers na nasa Sentro para sa Serbisyong Telepono o Telephone Employment Service Centre ay maaaring makatulong sa mga naghahanap ng trabaho na makipag-ugnayan sa mga nag-eempleyo sa pamamagitan ng mga sabayang pag-uusap sa telepono o conference calls, at pagtakda ng mga panayam.

Sentro para sa Pagre-rekrut o Recruitment Centre para sa Industriya ng Pag-cater ng pagkain o Catering Industry, Sentro para sa pagre-rekrut o Recruitment Centre para sa Industriya ng Pagtitingi o Retail Industry at Sentro ng Pagre-rekrut o Recruitment Centre para sa Industriya ng Konstruksyon

- Ang mga naghahanap ng trabaho ay makakapagsaliiksik tungkol sa mga pinakahuling bakanteng trabaho sa mga industriya ng catering, pagtitingi o retail at konstruksyon, sa kani-kanilang mga kinauukulang sentro para sa mga bakanteng trabaho. Ang mga nag-eempleyo sa industriya ng catering, pagtitingi o retail at konstruksyon ay iniimbitahan nang regular upang magsagawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa pagre-rekrut, at upang magsagawa ng mga panayam sa mga naghahanap ng trabaho sa mismong araw na iyon;
- Ang mga naghahanap ng trabaho ay makakabisita sa website ng Serbisyong Interactive Employment (<https://www.jobs.gov.hk>) para sa mga impormasyon ukol sa pinakahuling mga aktibidad kaugnay ng pagre-rekrut ng mga naturang sentro.

Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa aming mga kawani kung mayroon kayong anumang mga tanong kapag nag-aapply sa mga trabahong naka-post sa aming mga serbisyong para sa pag-eempleyo.